Asia Pacific Journal of Advanced Education and Technology
P- ISSN 2815 – 245X / E – ISSN 2815 – 2468 / www.apjaet.com

Pagsusuring Pangkatauhan ng Nobelang Isinapelikula

Maureen D. Geneta[1], Arielle Jaen; Angelica C. Linga[2], Dr. Maribel A. Gutierrez[3]
https://orcid.org/0000-0001-6052-3573[1], https://orcid.org/0000-0003-3673-7808[2],
https://orcid.org/0000-0002-2602-4217[3]
maureen.geneta@g.batstate-u.edu.ph[1], arielle.jaen@g.batstate-u.edu.ph[2],
angelica.linga@g.batstate-u.edu.ph[3]
College of Teacher Education, Batangas State University-The National Engineering University
Batangas City, Philippines

Abstract

Ang panitikan at pelikula ay salamin ng kasaysayan, representasyon ng makabagong sining, kaisipan, mga karanasan, damdamin, at diwa ng mga tao. Nagtataglay ito ng mga tauhang gumaganap at kumikilos sa bawat pangyayari. Kaya naman sinuri ng mga mananaliksik ang katangian ng mga tauhang tinataglay ng nobelang isinapelikula. Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa pagsusuring pangkatauhan ng nobelang isinapelikula sa Abnkkbsnplako, Mga Kwentong Chalk ni Bob Ong. Layunin ng pananaliksik na ito na masuri ang mga tauhan batay sa karakterisasyon, klasipikayon, at kapalaran. Naglalayon ding maihambing ang mga tauhan batay sa kalagayang panlipunang kinabibilangan, gayundin ang malaman ang mga bisang pampanitikang taglay ng akdangpampanitikan at makabuo ng isang modyul sa pagpapayaman ng pagsusuring pangkatauhan. Gumamit ang mga mananaliksik ng kuwalitatibong paglalarawan (descriptive analysis) at pangnilalamang pamamaraan (content analysis) bilang paraan ng pangangalap ng datos upang lubusang masuri at mailarawan ang mga tauhan ng piling nobelang isinapelikula. Matapos ang isinagawang pagsusuring pangkatauhan sa piling nobelang isipinapelikula na Abnkkbsnplako, Mga Kwentong Chalk ni Bob Ong, nabuo ang sumusunod na kongklusyon: naging malinaw, makabuluhan at nakadagdag sa lubusang pagkilala sa mga tauhan ang ginawang pagsasapelikula ng nobela; may pagkakataon na nagkatulad at nagkaiba ang karakterisasyon, klasipikasyon, at kapalaran ng mga tauhan na naging daan din upang makita ang kanilang gampanin sa lipunan; nagtaglay ng parehong bisang pampanitikan ang pelikula at nobela; at nakabuo ng modyul sa pansariling pagkatuto. Ang rekomendasyon ng pananaliksik ay makabuo ng mga gawaing sumusukat sa kakayahang pampagsusuri sa pangkatauhan ng mga tauhan upang magkaroon ng mas mayamang pagsusuri sa mga uri ng panitikan lalo‟t higit sa nobela.

Keywords: Pagsusuri, Tauhan, Bisang Pampanitikan, Nobelang Isinapelikula